

A colorful illustration of a young boy with a determined expression, wearing a blue t-shirt, orange pants, and sandals. He is running towards the right, looking back over his shoulder. In the background, a large white cow with red spots is visible, and further back, a traditional wooden house with a thatched roof stands on a hillside under a cloudy sky.


Ang Kayamanan ni Salaksak at Cucunu

Noong unang panahon, may magkapatid—si Cucunu at ang kaniyang mas batang kapatid na si Salaksak. Nang mamatay ang kanilang mga magulang ay pinaghatian nila ang naiwang ari-arian. Bawat isa ay nakatanggap ng baka at lupang sakahan. Si Salaksak ay humiwalay at nagtayo ng maliit na dampa.

Lumipas ang mga araw at mabilis na yumabong ang mga pananim ni Cucunu. Nainggit si Salaksak.

Isang gabi, pinakawalan ni Salaksak ang kaniyang baka sa lupain ng kaniyang kapatid para doon ito kumain. Nalaman ito ni Cucunu. Sumugod ito sa bahay ni Salaksak at nagsabing, “Kapag pinakawalan mo pa ang baka mo sa ‘king lupain ay makakatikim ka ng matinding hagupit!”

Hindi pinansin ni Salaksak ang babala ng kaniyang kuya kaya pinakawalan niyang muli ang kaniyang baka. Naubos ang pasensiya




ni Cucunu kung kaya't pinatay nito ang baka ng kaniyang kapatid. Kinaumagahan, hinanap ni Salaksak ang baka niya pero balat na lang nito ang kaniyang nakita.

Natakot na rin si Salaksak sa ginawa niya. Nag-isip na lang siya ng paraan kung paano mababawi ang pagkawala ng kaniyang baka. Nagkataon namang dumaan ang daan-daang baka na pag-aari ng mga pastol mula sa kabilang bayan.

Ting! Nakaisip ng paraan si Salaksak. Palihim niyang itina-pon ang balat ng baka malapit sa mga alaga ng mga pastol. Nilapitan niya ang mga ito at nagtanong, "Mga kaibigan, isang linggo ko nang hinahanap ang nawawala kong baka. Napasama yata ito sa mga baka ninyo. Puwede bang bilangin ang mga baka ninyo?"

Habang binibilang ng mga pastol ang kanilang mga alaga ay dinampot ni Salaksak ang balat ng kaniyang baka at umiyak, "Ito ang balat ng aking baka! Bayaran n'yo ako ng sanlibong piso. Kung hindi ay ipakukulong ko kayo!" Natakot ang mga pastol, kaya dali-dali nilang binayaran si Salaksak.

Ngingiti--ngiting pinuntahan ni Salaksak ang




kapatid at nagkuwento. Pero ang ikinuwento niya ay hindi ang totoong nangyari. Diumano, pinatay niya ang kaniyang baka at ipinagbili ang balat.

Nainggit si Cucunu kaya kaagad niyang pinatay ang sariling baka. Kinuha nito ang balat at iniwan niya ang laman kay Salaksak. Pagdating ni Cucunu sa pamilihan ay sumigaw ito nang, "Balat! Balat ng baka! Balat kayo diyan! Isang libong piso lang!"

Nalaman ng pinuno ng bayan ang pagbebenta ng balat ng baka. Sa pag-aakalang nagnakaw ng baka, ipinatawag ng pinuno si Cucunu. Hindi makapagpaliwanag si Cucunu kaya naparusahan siya ng tatlungung hagupit. Galit na umuwi si Cucunu.

Dahil sa galit sa kapatid, sinunog ni Cucunu ang bahay ni Salaksak. Abo na lang ang dinatnan ni Salaksak nang umuwi ito. Inilagay ni Salaksak ang mga abo sa isang sako at nag-isip kung ano ang gagawin dito.

Bitbit ang sako ng abo, nakasabay niya sa daan ang isang matandang lalaki na may dalang isang sakong pera. Ting! Nakaisip na naman ng plano si Salaksak. Lumapit siya sa matanda at nagtanong, "Papunta po ba kayo sa bahay ng pinuno ng bayan?"




“Oo,” sagot ng matanda.
“Ibibigay ko sa kaniya ang mga perang
ito.”

“Nakakaawa naman po kayo,
“sabi ni Salaksak. “Gusto po ba
ninyong magpalit tayo ng sako? Mas
magaan po ang dala ko.”

Natuwa ang matanda sa kabaitan ni Salaksak. Pumayag siya. Habang naglalakad, muling nagsalita si Salaksak, “Sa tingin ko po ay napakalakas pa ng inyong katawan. Puwede ko po bang tingnan kung kaya pa ninyong tumakbo nang matulin?” Agad na tumakbo ang matanda. Noong makalayo na ang matanda, mabilis na nagtago si Salaksak. Pagkalipas ng ilang sandali ay umuwi na ito bitbit ang sakong punong-puno ng pera.

Muling nagkuwento si Salaksak kay Cucunu. Sinunog daw niya ang kaniyang bahay at ipinagbili ang abo. Nainggit na naman si Cucunu. “Mas malaki ang bahay ko sa iyo kaya mas marami dapat akong makuhang pera,” sabi ni Cucunu. Mabilis niyang sinunog ang sariling bahay at inilagay sa dalawang sako ang abo. Pumunta rin ito sa bayan at nagsisigaw, “Abo! Abo kayo diyan!”



Nagtaka ang mga taong nakarinig sa kaniya. "Ano naman ang gagawin natin sa abo? Ni hindi nga natin alam kung paano natin itatapon ang mga abo sa ating mga lutuan."


Nakarating sa pinuno ng bayan ang ginawa ni Cucunu kaya muling ipinatawag ito. "Hindi yata siya natuto! Sige, hagupitin ang taong 'yan ng apatnapung beses!" Utos ng pinuno ng bayan.

Galit na namang umuwi si Cucunu. Nangako siyang hindi na magpapaloko sa nakababatang kapatid. Nag-isip siya kung paano makakaganti.

Ting! Sa wakas! Nakaisip ng paraan si Cucunu. Gumawa siya ng matibay na kulungan. Dito niya ikukulong ang kapatid at itatapon sa ilog.

Madaling nahuli ni Cucunu si Salaksak. "Bibigyan kita ng tatlong araw para magsisi sa lahat ng kasalanan mo," galit na sabi ni Cucunu. "Pagkalipas ng tatlong araw ay itatapon kita sa ilog!" sigaw pa nito.

Nag-isip ng paraan si Salaksak kung paano makakawala. Bigla namang may lalaking napadaan sa kaniyang kulungan.



Ting! Kaagad na nakaisip ng plano si Salaksak. Tinawag niya ang lalaki at humingi ng tulong. "Kaibigan, tulungan mo ako," sabi ni Salaksak. "Ikinulong ako dito ng pinuno ng bayan dahil ayaw kong pakasalan ang kaniyang anak na babae," kuwento pa niya. "Kung hahalili ka sa akin dito, ikaw ang magiging asawa ng anak ng pinuno ng bayan!" Pumayag naman ang lalaki.

Hindi alam ni Salaksak ay matagal na silang pinagmamasdan ni Apung Sinukwan. Lubos na nag-aalala ang Dakilang Apu kaya nagpanggap ito. Ang lalaki palang humalili kay Salaksak sa kulungan ay si Apung Sinukwan.

Kumaripas ng takbo si Salaksak pagkalabas sa kulungan. Nagtago siya sa isang malaking bato malapit sa ilog para manmanan ang mga susunod na mangyayari. Ilang saglit pa ay dumating na nga si Cucunu para isagawa ang kaniyang balak. Nang ihuhulog na ang kulungan sa ilog ay biglang nagliwanag ang kulungan. Laking gulat ni Cucunu nang lumabas sa kulungan ang isang matipunong nilalang na may ginintuang damit. Kaagad na nakilala ni Cucunu ang nilalang at napayuko ito.



"Ako si Apung Sinukwan!"

"Hanggang kailan ang panloloko ninyo sa isa't isa at sa ibang tao!"

Nagulat ang magkapatid. Naisip nila ang nagawa nilang kasalanan dahil sa kasakiman. Tumakbo papalapit si Salaksak sa kaniyang kuya at niyakap ito nang napakahigpit. "Patawarin mo ako," sabi ni Salaksak. "Patawarin mo rin ako at hindi ako naging mabuting kuya," sagot naman ni Cucunu.

Mula noon, masaya nang nagsama ang magkapatid. Natuklasan na nila ang tunay na yaman.